


Filipino

Ikalawang Markahan – Modyul 11: Pag-uugnay ng Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari



Filipino – Ikaanim na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 11: Pag-uugnay ng Sanhi at Bunga
ng mga Pangyayari
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Ma. Janice E. Domingo	
Editor:	Gemma B. Obsiana	
Tagasuri:	Catherine D. Diaz	
	Junry M. Esparar	
	Celestino S. Dalumpines IV	
Tagaguhit:	Vincent D. Lausa	
Tagalapat:	Raymund D. Magbanua	Glenn P. Dollete
Tagapamahala:	Ma. Gemma M. Ledesma	
	Salvador O. Ochoa, Jr.	
	Elena P. Gonzaga	
	Jerry A. Oquindo	
	Segundino F. Dollete	
	Shirley A. De Juan	
	Merlie J. Rubio	

Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region VI

Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

Filipino

**Ikalawang Markahan – Modyul 11:
Pag-uugnay ng Sanhi at Bunga ng
mga Pangyayari**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung simumang gagabay at tutulong sa pag-aaral at mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang salita upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ang ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang sagot sa bawat Gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na maging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumagamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makaranas ng suliranin pag-unawa sa mga aralin at sa paggamit ng SLM na ito.



Alamin



Kumusta ka na kaibigan? Naaalala mo pa ba ako? Ako ang iyong kaibigang si Kokoy na makasasama mo sa iyong paglalakbay. Binabati kita dahil natapos mo ang ikasampung modyul. Ipagpatuloy natin ang ating paglalakbay sa ikalabing-isang modyul.

Nakahanda ka na ba sa panibagong paglalakbay? Sigurado ako na mas magiging masaya ka dahil mag-uusap tayo patungkol sa Sanhi at bunga ng mga pangyayari.

Sa ating buhay, anoman ang ating mga ginawa ay tiyak na may epekto o resulta na makaaapekto sa atin at sa mga taong nakapaligid sa atin.

Sa modyul na ito ay matututuhan mo ang pag-uugnay ng sanhi at bunga ng mga pangyayari.

Pagkatapos ng aralin ikaw ay inaasahang taglay ang kasanayang:

- nakatutukoy ng sanhi at bunga ng mga pangyayari;
- nakapagbibigay ng angkop na bunga/sanhi ng mga pangyayari; at
- napag-uugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari. (F6PB-IIIb-6.2)

Paalala lang kaibigan na bawat bahagi ng modyul na ito ay nagtataglay ng mga gawain na susubok sa iyong kakayahan. Huwag kang mag-alala dahil naririto naman ako na nakahandang gumabay sa iyo. Sundin mo lang ang aking mga panuto at gawain ang ipagagawa. Handa ka na ba? Tayo na!



Subukin

Pagtambalin ang sanhi ng mga pangyayari sa Hanay A sa posibleng bunga nito sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

A

1. mataas na lagnat
2. hindi nagsisipilyo
3. marami ang itinanim
4. walang kuryente
5. pagtapon ng basura kahit saan
6. hindi marunong lumangoy
7. labis na paninigarilyo
8. inaawit ang Lupang Hinirang
9. nawalan ng preno ang taxi
10. mainit na sopas

B

- A. maruming paligid
- B. bumangga sa poste
- C. napaso ang dila
- D. uminom ng gamot
- E. luntiang paligid
- F. sirang baga
- G. mainit at madilim
- H. sira ang ngipin
- I. tumayo nang tuwid
- J. may aanihin
- K. gumamit ng salbabida



Mahusay kaibigan! Nagawa mong sagutin ang paunang pagtataya upang malaman ang iyong kaalaman hinggil sa ating paksang tatalakayin. Huwag kang mag-alala kung mababa man ang iskor na iyong nakuha dahil nakatitiyak ako na pagkatapos ng araling ito ay mapauunlad mo pa ang iyong kaalaman. Dagdagan mo lang ang iyong pagsisikap habang tayo'y naglalakbay.

Aralin

2

Pag-uugnay ng Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari

Isa pang aralin na dapat nating matututuhan ay ang pag-uugnay ng sanhi at bunga ng mga pangyayari.

Ang mga babasahin sa modyul na ito ay dapat mong unawain nang mabuti para madali mong mapag-uugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari. Maghanda sa bagong araling pag-aaralan.



Balikan

Kaibigan! Bago tayo tuluyang maglayag, magbalik-tanaw ka muna kaugnay sa paksang ating pinag- aralan noong nakaraang talakayan. Naalala mo pa ba ang Paggamit ng Uri ng Pang-abay (Panlunan, Pamaraan, Pamanahon) sa Pakikipag-usap sa Ibat-ibang Sitwasyon? Magaling! Halina't muli nating balikan. Ngayon, batid kong kayang-kaya mong gawin ang susunod na gawain. Gawin mo na!



Bumuo ng usapan batay sa sitwasyon. Gamitin ang mga pang-abay na pamaraan, panlunan at pamanahon na nakatala sa kahon. Isulat sa iyong sagutang papel.

(10 puntos)

Sitwasyon: Naghahanda ang mag-anak dahil may paparating na bagyo.

maaga
bukas
sa palengke

mabilis
paluhod
mahigpit

malakas
sa bahay
sa plasa



Magaling! Upang lalo mo pang mapagyaman ang iyong kaalaman kaugnay sa paksang tatalakayin, maghanda ka at tuklasin ang tungkol sa **Aspekto at Pokus ng Pandiwa**. Sige, simulan mo na!



Tuklasin


Basahin ang kalagayang ito.

Maaga pa ay papunta na sina Remia at Gina sa palengke para mamili ng mga ititinda nila. Ginamit muna nila ang dyip na pamasada ng kanilang tatay para sumaglit sa pupuntahan.

Ate bakit kaya maraming tao sa may kanto? At may pulis pa!

Oo, nga ano. Teka, hihinto muna tayo at mag-uusyoso total may oras pa naman.

Kaya pala ang daming tao ate! Kawawa naman ang bata. Nasaan kaya ang ina at mukhang napabayaang anak niya?



May nasagasaan pala Gina! Nahagip ng motorsiklo ang bata nang tumawid ito sa kalsada.

Sariling Katha ni Gemma B. Obsiana

Mga Tanong:

1. Saan pupunta sina Remia at Gina?
2. Ano ang napansin ni Gina sa may kanto?
3. Bakit maraming tao at may pulis?
4. Ano ang dahilan ng pagkasagasa sa bata?



Suriin

Pag-usapan natin ang binasang kalagayan.

Suriin ang sumusunod:

1. Nagkaroon ng bangga sa kanto kaya maraming tao at may pulis.
2. Tumawid sa kalsada ang bata kaya nahagip ng motorsiklo.

Ano ang pangyayari sa **unang pangungusap**?

Pangyayari: Nagkaroon ng bangga sa kanto.

Ano ang idinulot ng pangyayari?

Idinulot ng Pangyayari:

Nagkaroon ng maraming tao at may pulis.

Ano ang pangyayari sa **Pangungusap 2**?

Pangyayari: Tumawid sa kalsada ang bata.

Idinulot ng Pangyayari:

Nahagip ng motorsiklo

Basahin naman ito:

Dahil sa bangga sa kanto, maraming tao at may pulis.

Dahil sa bangga sa kanto

Ang bahaging ito ng pangungusap ay nagsasaad ng **dahilan** ng pagdami ng tao at pagkakaroon ng pulis. Ito ang sinasabing **sanhi** ng isang pangyayari.

Maraming tao at may pulis

Ang bahaging ito naman ay nagsasaad ng **resulta o epekto** ng pangyayaring pinag-uusapan. Ito ang sinasabing **bunga** ng pangyayari.

Suriin ito:

Sanhi

1. dahil sa bangga sa kanto
2. dahil maraming tao at may pulis

Bunga

1. maraming tao at may pulis
2. napahinto sina Remia at Gina

Ano ang napansin mo sa bunga Bilang 1 at sanhi Bilang 2?

Ang **bunga** na **maraming tao at may pulis** ay maaari ring maging dahilan o **sanhi** ng isa pang pangyayari na magkakaroon ng panibagong epekto/bunga.



Pagyamanin

Handa ka na ba sa sumusunod na mga gawain? Kung handa ka na, gawin mo ang nasa Gawain 1 hanggang 3. Basahin mo ang mga panuto bago sagutin. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Gawain 1

Basahing mabuti ang pangungusap. Isulat ang **S** kung ito ay sanhi at **B** kung bunga.

1. _____ Magsuot palagi ng *face mask*.
_____ Maiwasan nating mahawa ng COVID-19.
2. _____ Palagi siyang nagkakasakit.
_____ Mahilig kumain ng mga sitserya si Donald.
3. _____ Hindi nakapagplantsa si Lea ng kaniyang damit.
_____ Nagmamadali siyang umalis.
4. _____ Nakalimutan ni Aling Diday ang kaniyang pitaka.
_____ Hindi siya nakabili ng gatas.
5. _____ Uminom siya nang maraming tubig.
_____ Uhaw na uhaw si Lino.

Gawain 2

Pagtambalin ang sanhi ng mga pangyayari sa Hanay A na angkop na bunga nito sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

- | A | B |
|---|---|
| 1. Sinisiguro ni Allan na palagi siyang malinis. | A. Palagi siyang masaya. |
| 2. Gustong proteksiyonan ni Gilda ang sarili sa nakahahawang <i>virus</i> . | B. Naliligo siya araw-araw. |
| 3. Mahigpit na pinapatupad ng mga pamilyan ang <i>social distancing</i> . | C. Naghuhugas siya ng kamay bago at pagkatapos kumain |
| 4. Paboritong kainin ni Jun ang mga prutas na mayaman sa bitamina C. | D. Nagsusuot siya ng <i>face mask</i> kapag lalabas ng bahay. |
| 5. Si Angela ay palaging may positibong pananaw sa buhay. | E. Malakas siya at hindi madaling mahawaan ng sakit. |
| | F. Walang siksikan. |

Gawain 3

Punan ang tsart. Bumuo ng sanhi at bunga sa sumusunod na mga kaisipan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Sanhi	Bunga
Masikip ang lumang sapatos ni Daniel	1. _____
2. _____	Gumanda ang kaniyang buhay.
Sobrang bilis magpatakbo ng bisikleta si Erwin	3. _____
May bahay na nasusunog	4. _____
5. _____	Umiiyak ang sanggol.



Isaisip

ANO ANG IYONG NATUTUHAN?	GAANO ITO KAHALAGA?



Isagawa

Magbigay ng limang posibleng ibubunga ng sumusunod na kalagayan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

- Dumarami ang kaso ng *COVID-19* sa bansa.
- Marami ang nawalan ng trabaho sa patuloy na pagdami ng kaso ng *COVID-19*.



Tayahin

A. Basahin ang bawat kalagayan. Piliin ang maaaring maging bunga o sanhi sa pangyayari. Isulat ang titik ng wastong sagot sa iyong sagutang papel.

1. Nakasakay ka sa dyip na napakalakas ang tugtog ng *stereo*. Ano ang maaaring ibubunga nito?
 - A. Lalakas ang boses ng mga pasahero.
 - B. Mapapasayaw ang mga pasahero.
 - C. Hindi makababa ang mga pasahero.
 - D. Hindi maririnig ng drayber ang pagpara ng pasahero.
2. Mahirap ang buhay ng mag-anak Mang Doming. Isa siyang magsasaka at ang kaniyang maybahay ay nasa bahay at nag-aalaga ng kanilang mga anak. Sa kabila rito, masaya ang kanilang pamilya. Sa lahat ng oras ay nagtutulungan sila sa anumang gawain kaya hindi nag-aaway ang mga anak nila. Alin ang sanhi ng talata?
 - A. Masaya ang kanilang pamilya.
 - B. Kaya hindi nag-aaway ang mga anak nila.
 - C. Mahirap ang buhay ng mag-anak ni Mang Doming.
 - D. Sa lahat ng oras ay nagtutulungan sila sa anumang gawain.
3. Nakatira ka sa may tambakan ng basura. Nakikita mong paroo't parito ang mga tao sa pagtatapon ng kanilang mga basura maliban pa sa mga itinatapon ng mga sasakyan. Ano ang pinakamalapit na epekto sa pamayanan ng patuloy na pagtatapon at pagdami ng basura sa inyong lugar?
 - A. Yayaman ang mga basurero
 - B. Lilipat ng tirahan ang mga tao.
 - C. Mangangamoy basura ang paligid.
 - D. Maglilinis ang mga mamamayan ng kani-kanilang bakuran.
4. Pumunta sina Daisy at mga kaibigan nito sa palaruan. Biglang may lumapit na gusgusing batang kalye na mukhang gutom na gutom. Nakatitig lamang ito sa mga pagkaing kinakain nila. Nakaramdam ng awa si Daisy sa bata kaya binigyan niya ito ng pagkain. Ano ang dahilan sa pagbibigay niya ng pagkain sa bata?
 - A. Pumunta sina Daisy sa palaruan.
 - B. Nakatitig ito sa mga pagkain nila.
 - C. Nakaramdam ng awa si Daisy sa batang kalye.
 - D. Lumapit ang gusgusing batang kalye na mukhang gutom na gutom.

5. Tumatakbo nang mabilis ang isang bus at bumubuga ng pagkaitim-itim na usok. Ano ang ibubunga nito sa kalusugan ng mga tao?
- A. Magkakaroon ng sakit sa balat ang mga tao.
 - B. Magkakasakit sa бага ang mga tao.
 - C. Magsusuka ang mga tao.
 - D. Maluluha ang mga tao.

B. Tukuyin ang sanhi at bunga sa bawat kalagayan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

6. Ang buong Pilipinas ay isinailalim sa *enhanced community quarantine* dahil sa COVID-19.

Sanhi: _____

Bunga: _____

7. Malaking problema ang kakulangan sa pagkain kaya nagbigay ng tulong pinansyal ang pamahalaan sa mga taong nawalan ng trabaho.

Sanhi: _____

Bunga: _____

8. Nanahi si Aling Vicky ng mga *face mask* sapagkat kulang ang suplay nito sa mga ospital.

Sanhi: _____

Bunga: _____

9. Naiiwasan ang pagkalat ng mikrobyo sa iba kasi tinatakpan natin ang ating bibig kapag umuubo at bumabahing tayo.

Sanhi: _____

Bunga: _____

10. Pahalagahan natin ang sakripisyo ng mga bayaning *frontliners* kaya dapat huwag lumabas at manatili na lamang sa bahay.

Sanhi: _____

Bunga: _____



Karagdagang Gawain

Sumulat ng isang talata na binubuo ng limang pangungusap sa isa sa mga paksa sa ibaba. Tiyakin na sa mga pangungusap may ugnayang sanhi at bunga.

1. Pag-abot ng Pangarap
2. Pagkasira ng kalikasan
3. Pag-iingat laban sa nakamamatay na COVID-19



Binabati kita kaibigan, sapagkat natapos at napagtagumpayan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Nakatitiyak akong magagamit mo ang iyong napag-aralan sa pang - araw - araw na pamumuhay. Muli tayong magkita sa **Modyul 12: Paggamit ng Iba't ibang Salita Bilang Pang-uri at Pang-abay sa Pagpapahayag ng Sariling Ideya.**

Sa muli, ito ang iyong kaibigang si Kokoy. Paalam!



Susi sa Pagwawasto

GAWAIN 2

1. C
2. D
3. F
4. E
5. A

GAWAIN 3 (Mga Posibleng Sagot)

1. Bumili siya ng bago
2. Nagsikap siya ng mabuti
3. Natumba at nasugatan siya.
4. Dumaling ang mga bombero
5. Nagutom siya.

PAGYAMANIN

GAWAIN 1

Subukin

1. d
2. h
3. j
4. g
5. a
6. k
7. f
8. i
9. b
10. c

BALIKAN

(Posibleng sagot)

Tatay: Mga anak magligpit kayo dahil ayon sa balita ay may paparing na bagyo bukas. Nanay, maaga kang pumunta sa palengke dapat may nakahanda tayong pagkain yong hindi agad napapanis.

Nanay: sig, dapat nang maghanda tayong. Malakas daw ang bagyong iyan ayon sa PAG-ASA.

Nene: Hindi na pala kami makapaglalaro sa plaza bukas inay?

Nanay: Oo anak, sa bahay lang muna tayong, mahirap na. Pakitabot ang basket anak.

Nene: Heto po nay.

Nanay: Lalakad na ako. Mabilis lang naman ako dahil nakalista nang lahat ng mga bibilhin ko. Nene, isang mahigpit na yakap nga sa nanay.

Nene: (Mabilis na yumakap si nene sa nakatalikod na ina.) Iyan na po ang bagong yakap nanay. Yakap sa new normal. (Pabulong na dagdag ng anak.)

TUKLASIN

1. Sa palengke pupunta sina Remia at Gina.
2. Maraming tao sa kanto at may pulis.
3. May nasagasaan
4. Naantala siya dahil sa mabagal na takbo ng sasakyan.
4. Tumawid sa kalsada kaya nahaglip ng motorisiklo.

ISAGAWA (Posibleng sagot)

- A.
- Maghihigpit ang pamahalaan
 - Maghihirap ang bansa
 - Maraming mawawalan ng trabaho
 - Babagsak ang ekonomiya ng bansa
 - Maghahari ang takot
- B.
- Lalong maghihirap ang bansa
 - Marami ang magugutom
 - Tataas ang krimen
 - Hindi na mapapag-aral ng mga magulang ang kanilang mga anak
 - Dadami ang problema ng bansa

Karagdagang Gawain

Iwawasto ng guro ang posibleng sagot ng mag-aaral

TAYAHIN

1. D
 2. D
 3. A
 4. C
 5. B
6. Sanhi: dahil sa COVID-19
Bunga: Ang buong Pilipinas ay isinalalim sa enhanced community quarantine.
7. Sanhi: Malaking problema ang kakulangan sa pagkain
Bunga: Kaya nagbigay ng tulong pinansyal ang pamahalaan sa mga taong nawalan ng trabaho
8. Sanhi: sapagkat kulang ang suplay nito sa mga ospital
Bunga: Nanahisi Aling Vicky ng mga face mask
9. Sanhi: kasi tinatapan natin ang ating bibig kapag umuubod at bumabahing tayo.
Bunga: Naliwasan ang pagkalat ng mikrobyo sa iba
10. Sanhi: Pahilagahan natin ang sakripisyo ng mga bayaning frontliners
Bunga: Kaya dapat huwag lumabas at manatili na lamang sa bahay.

Sanggunian

- Most Essential Learning Competencies (MELCs) F6PB-11b-6.2, p. 223
- K to 12 Curriculum in Filipino 2016 F6PN-IVf-10, p. 128
- Mga Sariling Katha

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph